

Agent Heart

PROLOGUE

“Sir, positive po ang report ni Valdez,” tukoy ng isang lalaki sa isang informer.

“So, kumpirmadong bakla nga ang natagpuang bangkay?” tanong ng superior nito.

Tumango ang tinanong, saka kinuha ang isang folder at inabot sa kanyang superior.

“Nakakuha po ako ng mga pictures—medyo masama nga lang po ang hitsura.”

Madilim ang mukha ng may-edad na lalaki habang tinitingnan ang mga pictures na iniabot ng tauhan. Napailing ito at obvious na nangilabot sa nakita. Mayamaya ay binalingan nito ang ilang tauhang naroon din sa loob ng kuwartong iyon.

“Dapat na nga nating ituloy ang misyon. Masyado nang nakakaalarma ang mga nangyayaring ito,” anito, habang isa-isang tinitingnan ang mga naroroon.

“Yung original plan ho ba ang susundin?” tanong ng isa.

“Hindi. May konting pagbabago.” May ilang minuto rin nitong pinag-aralan ang isang maliit na

notebook na hawak. Nang mag-angat ng mukha ay medyo nakangiti na ito. “Nasaan si Laureno?”

“Nasa sports stadium, Sir,” sagot ng isa sa mga nandoon.

“Tawagan ninyo at papuntahin agad dito. Siya ang importanteng elemento sa misyong ito.”

“Yes, Sir.”

Agad tumalima ang inutusan. Itinuon ng may- edad na lalaki ang mga mata sa hawak na folder at muling pinag-aralan ang nakalatag na plano.

1

Natuon ang pansin ni Anya sa TV nang marinig ang news alert—isa na naman umanong bangkay ang natagpuan sa isang village sa Quezon City. Isang gay na naman ang biktima.

Napailing ang dalaga, saka ibinalik ang atensyon sa kanyang hapunan. Late dinner na iyon kung tutuusin, dahil as usual, nag-overtime na naman siya sa trabaho kaya ginabi na naman siya sa pag-uwi.

Pagkatapos kumain ay agad na kinuha ni Anya ang telepono sa tabi ng kanyang kama, at saka tumawag.

“Huh... h-hello?” Parang paos ang boses, halatang groggy pa ang nasa kabilang linya. “Sino ’to?” nagawa nitong itanong.

“Hoy, sino pa ba ang tatawag sa ’yo sa ganitong oras kundi ako lang?”

“Anya...” Halata ang sarkasmo sa boses ng nasa kabilang linya. “Yeah, ikaw lang ang malakas ang loob na gigising sa ’kin sa ganitong oras.” Sinundan nito iyon ng isang buntong-hininga.

Napahagikgik ang dalaga. Best friend niya si Hugh at classmates sila nito mula high school hanggang college. Pareho silang nag-aral sa UP Diliman; Film ang kurso niya samantalang Economics naman ang sa lalaki. Kung si Anya ay nagtatrabaho ngayon bilang video editor sa isang TV network, si Hugh naman ay nag-masteral muna at ngayon ay kinuha ng isang government agency na direktang nasa ilalim ng *Office of the President*.

“Pambihira ka naman kasi. Simula nang magtrabaho ka sa gobyerno, maaga ka na kung matulog. Di na tayo nakakapagtsismisan, ah!” sumbat ng dalaga.

“Anya, hindi ako tulad mong tanghali na kung pumasok sa trabaho. Alas ocho pa lang ay nasa opisina na ako para magbasa ng mga report at gumawa ng economic strategies.”

“Hay naku, ikaw lang naman ang pumapasok nang maaga sa opisina ninyo! Ang alam ko sa mga taga-gobyerno, eh tanghali kung pumasok sa office. Ano ka ba, nagpapakabagong bayani?” Sinundan pa iyon ni Anya ng nakakalokong tawa.

“Anya!” Tumaas ang boses ni Hugh sa kabilang linya kaya bigla siyang sumeryoso. “Ano ba talaga’ng itinawag mo?”

“Alam mo bang may natagpuan na namang patay kanina lang?”

“So? Halos araw-araw naman may pinapaslang ah,” walang interes na sabi nito.

“Member ng third sex ang pinatay. Pang-anim na ’yan since last month.” Biglang natahimik ang nasa kabilang linya. “Hugh?”

“P-paano daw p-pinatay?” Halatang na-upset si Hugh sa balita ni Anya.

“Sinaksak, just like the other victims. Kaya I’m sure, serial killer ang may kagagawan n’un!” diin ng dalaga.

“Tumigil ka nga, Anya! Ayan na naman ang serial killer theories mo eh! Sabi na sa ’yong tigilan mo na ang kakapanood ng *CSI* at kung anu-anong horror films, pati ako tinatakot mo,” kunwa ay saway ng kaibigan, pero alam ni Anya na apektado ito sa sinabi niya.

Bakla si Hugh pero si Anya lang at ang isa pa nilang kaibigan na si Laly ang nakakaalam. College sila nang aminin sa kanila iyon ng kaibigan. Hindi naman kasi halata na gay si Hugh—pormal ito kung kumilos at maayos manamit. Kagalang-galang pa nga, palibhasa ay galing sa may-kayang angkan kaya

may breeding. Pero kahit hindi bulgar ang pagiging bading ni Hugh sa ibang tao, nangangamba pa rin si Anya para sa kaibigan. Natatakot siyang baka matyempuhan ito ng gumagalang serial killer ng mga bading.

“Sige na nga, matulog ka na uli. Pati mga pinapanod ko, eh, nilalait mo na,” natatawang sabi ng dalaga.

“Salamat at naisip mong kailangan ko pang mag-beauty rest. Good night!” Iyon lang at ibinaba na ni Hugh ang telepono.

Nanatiling nakadapa sa kama si Anya, iniisip pa rin ang mga nabubuong teorya tungkol sa serial killer.

Pare-pareho ang paraan ng pagpatay sa mga biktima—pumupunta muna sa bahay, nakikipag-inuman. Pagkatapos, sinasaksak. How morbid.

Tumayo muna siya at kumuha ng tubig sa kanyang mini-ref sa loob ng kuwarto.

Gawan ko kaya ng documentary? she thought. Matagal nang pangarap ng dalaga na makagawa ng isang documentary film—isang proyekto na puwede niyang isali sa contest.

Kaso, saan ako magsisimula? At paano ko gagawan

ng documentary ang isang serial killer? Baka naman pati ako eh, patayin kahit hindi ako member ng third sex!

Kinilabutang napa-sign of the cross si Anya. Mayamaya pa ay ipinasya na ng dalaga na matulog. Alas tres na ng umaga.

“Puñeta naman, sinabi ko nang kailangan na talaga ang video footage na ’yon!”

Malayo pa si Anya ay dinig na niya ang boses ng kinaiinisan niyang tao sa mundo—ang boss niyang si Kathleen. Executive producer at host ang babae ng show na nakatoka sa kanya sa network. Mataray ito at napaka-bossy, secret enemy ng mga taga-production, pero wala silang magawa dahil malakas ito sa network. Executive Vice-President kasi ang tatay nito sa TV station kaya malakas ang loob na mag-tantrums at magwala kapag hindi nasusunod ang gusto, lalo na pagdating sa show. Tulad ng araw na iyon, animo dragon na bumubuga ng apoy sa opisina nila.

Nagawang pumasok ni Anya sa opisina na hindi napapansin. Maingat siyang naupo sa kanyang cubicle. Ilang hakbang lang mula sa conference table

nila, kung saan nagwawala ang kanilang executive producer.

“Kathleen, hindi nga pumayag ang warden na kunan natin ng footage ang mga nakakulong na bagets sa city jail. Human rights violation ’yun,” paliwanag ni Seb, ang director ng show at ang tanging nilalang sa production na kayang makipagsagutan kay Kathleen. Palibhasa magpinsang-buo ang dalawa.

“Eh mas violation ang ginagawa nilang pag-detain sa mga bagets na ’yun sa jail, ah!” lalong tumaas ang boses ni Kathleen. Kung hindi ito executive producer at maayos manamit, baka napagkamalan nang loka-loka dahil walang ka-finesse ito kung mag-aaasta.

“Kaya nga raw dadalhin na ang mga iyon sa *DSWD*—doon na lang daw tayo pumunta at magpaalam kung puwede nating kunan sila ng video.” Mahinahon pa rin si Seb. Kung minsan naitatanong tuloy ni Anya sa sarili kung ano kaya ang nararamdaman ng director sa pagkakaroon ng pinsan na pinaglihi yata kay *Sisa*.

Kung siya si Seb, matagal niya nang naitakwil si Kathleen! Naisip na din niyang may pagka-santo si Seb, dahil sa haba ng pasensya.

“Leche, sino ba ang warden na ’yan! Ang lakas

ng loob na kalabanin tayo!” Kinuha ni Kathleen ang cigarette case na nasa bag nito at akmang maninigarilyo pero walang makitang lighter kaya lalong nagalit. “Puñeta, nasaan na naman ang lighter ko!”

Akma nang tatayo si Anya para kumuha ng diskette sa cabinet nila nang marinig niyang naghahanap ng lighter si Kathleen. Bigla siyang umupo at yumuko, kunwari ay nagbabasa ng mga script na nasa mesa niya para di siya mapansin. Tuwing nakikita kasi siya ni Kathleen, siya ang paborito nitong paghanapin ng lighter, bagay na lalong nagpapaapoy sa galit niya sa kanyang boss. Minsan na niyang naisip na lagyan ng gas ang cigarette case ng babae para magliyab na lamang ito.

Nakahinga nang maluwag si Anya nang marinig na nakapagsindi na ng yosi si Kathleen. Dali-dali siyang tumayo para kumuha ng diskette.

“Anastacia, tapos mo na ba ang Tondo segment na ilalabas natin sa next episode?”

Bagaman nagulat ay hindi nagpakita ng emosyon si Anya. Pero sa loob-loob niya ay gusto nang sapakin ang kanyang boss. Lagi kasi siya nitong tinatawag sa kanyang tunay na pangalan, isang bagay na talagang ikinaiirita niya.

“Yeah, tapos na po. Na-edit ko na kagabi.” Ngumiti pa ang dalaga, pero nakita niyang kumindat sa kanya si Seb. Alam ng director na bad trip siya sa pinsan nito.

“Good. Isunod mo na din ’yung kuha ni Banny sa Palawan, iyong tungkol sa rancho ng mga Mitra.” Walang anumang bumaling ito kay Seb. “Gosh, I want to go back to that place! Ang ganda talaga, ’no? I wish I could own a ranch like that!”

Tumango na lamang ang lalaking director sa sinabi ng pinsan pero nakita ni Anya na bahagyang tumirik ang mga mata nito.

Matapos basahin ang mga script na nasa mesa ay tumayo na si Anya para magtungo sa editing room. Mas feel niyang mag-stay doon, kasama ang ibang crew. Mas matino kasing kausap ang mga iyon. At pag trabaho ay talagang tutok sila. Minsan ay nakakatulog pa roon si Anya, kapag naghihintay ng editing schedule. Marami kasi silang shows sa network, at may schedule ang mga nag-e-edit para fair.

Twenty-four years old na si Anya. Marami ang naiinggit sa kanya dahil maganda umano ang trabaho niya bilang video editor sa pinakamalaking TV network sa bansa. Pero hindi kontento roon si Anya. Gusto talaga niyang makagawa ng isang

pelikula na makabuluhan at hindi yaong tipong pito-pito na nauuso at mga sex-oriented films na naglipana. Kung hindi man pelikula, ay gusto niyang magkaroon ng isang award-winning documentary na makapagpapaangat ng sining ng pinilakang tabing.

Pagkatapos mag-edit ng segment na ilalabas nila para sa susunod na episode ay ipinasya ng dalaga na dumaan muna sa news room. May kaibigan siya roon—si Mayette, isa sa mga news writers ng News and Public Affairs Department ng kanilang network.

“Hoy bruha, buti at naalala mo akong silipin dito.” Nakangiting bati ni Mayette nang makita siya. As usual, nasa harap ito ng computer at nagsusulat. Hindi ito katangkaran at may pagka-bilugan, palibhasa mahilig itong kumain kahit nagtatrabaho.

“Ano’ng balita?” Umupo si Anya sa bakanteng upuan sa tabi ng working table ni Mayette. Nakita niyang may nakabukas na isang box ng chocolates kaya kumuha siya ng isang piraso at isinubo.

“Balita? Hay naku, ’eto. Tinatapos ko ang article ng karumal-dumal na pagpaslang sa isang pari,” himutok ni Mayette, saka sumubo rin ng chocolate.

“Yan ba ’yung nasa late night news kagabi? ’Yung bakla?” natigilang tanong ni Anya.

“Hindi, iba ito.” Lumapit pa nang kaunti si Mayette para bumulong sa kaibigan. “Kaninang umaga lang din natagpuan sa may parokya ito. My gosh, nagimbal ang mga manang ng simbahan! Malaking eskandalo! Paano, hubad ang pari nang matagpuan ng kanilang sakristan!”

“Ano!” Nanlaki ang mata ni Anya sa sinabi ni Mayette. “As in, naked?”

“Well, naka-underwear ang pobre.”

“At least, may saplot pa naman pala.” Sumubo uli ng chocolate ang dalaga.

“Meron nga, but you won’t believe this! The priest was wearing a printed underwear! As in colored siya, sister! At thong pa ang style, ’yung mga tipong sinusuot ng mga stripteasers!” animated ang hitsura ni Mayette habang nagkukuwento, kaya naisip ni Anya na baka exaggerated lang ang description nito.

“Hoy, huwag kang ganyan, Mayette! Marinig ka ng lola ko, baka sabihin sinisiraan mo ang isang alagad ng simbahan!” saway niya sa kaibigan. “Baka naman tsismis lang ’yan. Totoo ba talaga ’yang balita mo?”

“Naku, Anya, hindi kita chinacharing, promise!” Itinaas pa ni Mayette ang kanang kamay nito na

animo nanunumpa talaga. Nagkrus pa ito sa may puso. “Cross my heart, gan’un talaga ang hitsura ng bangkay nang matagpuan! May video footage kami diyan, sister. Kung gusto mo, panoorin mo pa.”

“Bakit gan’un?”

“Balita nga kasing bading ’yung pari,” bulong muli ni Mayette.

“Ilalabas ninyo ba ’yun sa publiko?”

“Alanganin nga si Sir Wally.” Mas mahina na ang boses ni Mayette. Ang tinutukoy nito ay ang news director ng TV station. “Tiyak daw na magwawala ang mga taga-religious sector pag lumabas ang balita. Baka may mag-rally pa daw.”

“Eh, di huwag ninyo nang i-emphasize ’yung tungkol sa colored underwear at ’yung mga haka-hakang bading ’yung pari. Respeto na lang sa kanya, you know,” suhestyon ni Anya.

“Naisip ko na nga ’yon. Pero alam mo naman, I just write the news. Si Sir Wally pa rin ang nasusunod kung anong balita ang ilalabas sa mga isinulat ko, o kung ano ang ipi-filter,” ani Mayette. “Buti ka pa, nag-e-edit ka na lang ng mga video footages ng show ninyo, at least, less ang pressure!”

“Hay naku, kung alam mo lang,” ismid ni Anya. “Nakaka-pressure din ang trabaho ko ‘no, lalo pa kung may boss kang—naku, basta! Alam mo na ‘yon.” Nagkatawanan sila. Alam kasi ni Mayette na hate ni Anya si Kathleen.

“Buti natitiis mo ang pagiging prima donna niya,” komento ng babae.

“Well, malapit na din namang matapos ang kalbaryo ko,” tugon ni Anya. “Siguro magre-resign na ako next month,” deklara niya.

“What?” genuine ang pagkagulat ni Mayette. “Ano’ng plano mo? Lilipat ka ng network? May offer ba sa ‘yo sa kabila? May project ka bang gagawin?”

“Nag-iisip pa lang ako ng gagawin ko. Basta, lalayanan ko na si Kathleen at ang show niyang ‘yun. Pag di agad ako nakakita ng trabaho, eh di, bum na muna ako.” Napatawa siya sa sariling joke. Tumayo siya at inayos ang kanyang body bag.

“Ikaw talaga... malakas lang ang loob mo, palibhasa alam mong di ka magugutom sa piling ng lola mo,” natatawang ani Mayette.

“Natural!” Nakitawa na rin ang dalaga. Mayamaya ay nagpaalam na siya sa kaibigan.

Habang nag-aabang ng taxi sa harap ng compound ng network ay naisip ni Anya ang pinag-usapan nila ni Mayette. Desidido na talaga siyang umalis sa trabaho niya. Pakiramdam niya ay stagnant naman ang career niya. Kailangan niyang mag-move on para naman may mangyaring maganda sa kanya.

Pero ano ang gagawin ko? Saan ako lilipat?

Nang makasakay sa taxi ay isang ideya ang pumasok sa isip niya. Bigla siyang na-excite. Alam na niya kung ano ang gagawin. Kaya imbis na magpahatid sa bahay nila sa Mandaluyong, pinaderecho niya ang taxi sa Makati Avenue, kung saan naroroon ang restaurant na pinagtatrabahuhan ng best friend din niyang si Laly.

2

Agad na na-spot-an ni Ryan ang babaeng nasa table number six. Bata pa ito at kakaiba ang kilos, hindi tulad ng karamihan sa mga customers ng bar na iyon na pulos matrona at bading. Maikli ang buhok nito, parang tulad ng kay Demi Moore sa pelikulang *Ghost*. May dalawang kasama ang babae: isang lalaki na pormal ang get-up at isa pang babae na panay ang simangot.

“Pare, hubarin mo na ang pantalon mo,” bulong ng katabing lalaki ni Ryan. Napatingin siya rito.

“Ano! Wala namang sinabi sa akin na maghuhubad ako, ah!” angal ng binata.

Gusto niyang magmura pero hindi puwede. Paano, nasa stage siya ngayon ng *Whattabar*, isang kilalang gay club sa Quezon City. “Ang sabi sa ’kin, maglalakad lang ako sa stage at susundan ang music,” bulong din niya, bagaman puwersado iyon dala ng inis. Nanigas bigla ang mga ugat sa leeg niya.

“Lahat ng production numbers dito, pare, naghuhubad ang mga dancers!” pasimpleng saad naman ng isa pang lalaki na nasa likod ni Ryan.

Lumipat ito sa harapan at sa isang iglap ay hinubad nga nito ang suot na pantalon. Nagulat si Ryan nang makitang naka-brief na lang ang lalaki... sexy cut pa!

Damn.

Napatingin si Ryan sa may bar. Nandoon ang kasama niyang si Alwyn. Nakangiti ito sa kanya, habang hawak ang isang shot ng vodka. Gusto na talagang magmura ng binata. Napasubo yata siya nang husto sa pagkakataong ito, pero wala na siyang magawa.

“Take it off!” tili ng isang bading na nasa harap ng stage. Nakatingin ito kay Ryan, na para bang handa siyang lundagin anumang oras. Nagtilian din ang mga kasama nito, animo mga sinasapian!

“Papalicious, ibigay mo na!” sigaw naman ng isa pa. Lalong lumakas ang hiyawan sa audience, na lalong nagpataranta kay Ryan.

Shit!

Gusto nang mag-back-out ni Ryan. Hindi naman sa ikinahihiya niya ang kanyang katawan. Sa katunayan ay alam niyang maganda iyon lalo na ang kanyang abs dahil alaga iyon sa sports. Pero ibang usapan ang maghubad sa stage. At sa harap pa ng mga taong tila hayok sa laman. Para siya ngayong

karne na inihain sa harap ng mga gutom na leon sa disyerto.

Napatingin siya sa kinaroroonan ng babaeng nakita niya kanina. Nakatingin ito sa kanya, ngunit wala siyang maaninag na reaction sa mukha nito. Napalunok si Ryan bago hinawakan ang zipper ng kanyang *Levi's*.

Trabaho lang ito, walang personalan!

Napapikit ang binata nang ibaba niya ang kanyang jeans.

Bahala na!

Naghiyawan ang mga matrona sa isang table. Nang tumingin si Ryan sa audience ay bukod-tanging ang babae sa table six ang hindi tumitinag sa kinauupuan. Nakatayo na ang dalawa nitong kasama at nagbubulungan, pero nanatiling nakaupo lang ang babae. Lalong naintriga si Ryan.

Baka autistic, naisip niya.

Unti-unting nawala ang hiya at stage fright ni Ryan. Kahit naka-underwear lang siya ay medyo relaxed na ang pakiramdam niya, unlike kanina na gusto na niyang matunaw. Inisip na lamang niyang nasa beach siya, tatal trunks naman ang suot niya.

Kahit papano ay naibsan ang uneasy feeling niya.

Hindi nagtagal, natapos din ang kalbaryo ni Ryan sa stage. Pawisan siya nang makababa, bitbit ang mga perang papel na pilit isiniksik ng mga customers sa garter ng underwear niya. Matapos magbihis ay agad niyang pinuntahan si Alwyn sa bar. Nakangisi sa kanya ang lalaki.

“Pare, ’andami mong fans kanina ah!” anito, nakakaloko ang ngiti. Gusto na itong kutusan ni Ryan.

“Ulol! Huwag mo akong asarin at baka ikaw ang una kong mabaril dito!” pabulong niyang sita rito. Agad siyang humingi ng isang basong tubig sa bartender. Pakiramdam kasi niya ay na-dehydrate siya sa ginawang pagbibilad ng katawan sa stage.

“Di ka na mabiro. “Napakamot ng ulo si Alwyn, saka humingi ito ng isang *San Mig Light* sa bartender at ibinigay kay Ryan. “Inom ka muna, pare. Gusto mo ng sisig?”

“Ayoko! ’Tangna, ginago ninyo ako, ah. Sabi n’yo rarampa lang ako sa stage?”

“Yun lang din naman ang alam ko, pare. Sabi ng manager kanina, parang magmo-model lang daw sa stage.”

“Pinaghubad ako! Shit talaga. Kinapalan ko na nga lang ang mukha ko!” Asar na kinuha ni Ryan ang isang basong tubig na inilagay ng bartender sa harap niya at agad na ininom iyon. Humingi pa siya ng tubig. Uhaw na uhaw talaga siya.

Pagkatapos uminom ay agad na hinanap ng mga mata ni Ryan ang babae sa table number six. Umiinom iyon ng juice samantalang *Red Horse* yata ang iniinom ng dalawang kasama.

Lapitan ko kaya?

“Nag-text si Monching,” bulong ni Alwyn sa kanya. “Kinukumusta daw tayo ni Bossing. Ano’ng sasabihin ko?”

“Sabihin mo patay na ako,” naiinis na sagot ni Ryan, saka tumayo. Lalapitan na niya ang babaeng autistic.

“Naku, nasa bar si Legolas!” Animo kinikiliti ng pitong duwende si Laly.

Sabay na napatingin sina Anya at Hugh sa bar. Naroon nga ang isa sa mga macho dancers na katatapos lang sumayaw. Kahawig nito ang Hollywood actor na gumanap bilang ‘Legolas’ sa pelikulang *Lord*

Of The Rings.

Sayang, guwapo sana, naisip ni Anya habang tinitingnan ang lalaki sa bar.

“In fairness, disente siyang tingnan,” bulong ni Hugh na minsan lang kung pumuri ng kapwa-lalaki. “Hindi siya mukhang macho dancer.”

“Nakatingin siya dito!” ani Laly uli, saka sumubo ng sisig. “Shit! Bakit ganito ang lasa ng sisig, parang galing sa lata?” panlalait nito sa inorder nila. Lumagok na lamang ito ng beer saka kumuha ng isang stick ng barbeque. “Buti na lang masarap ang barbeque nila!”

“O, akala ko ba ayaw mong pumunta ng gay bar? Bakit mukhang nag-e-enjoy ka?” tanong ni Anya kay Laly habang tila hindi ito mapakali sa katitingin sa paligid. Si Hugh ay nanatiling pormal, halos hindi nga makagalaw dahil natatakot na may makakita rito at matsismis ito sa opisina. Malaking kahihiyang iyon kapag nagkataon.

“Hindi naman talaga ako pumupunta sa ganitong lugar. Di ba nga niyaya na ako dati nina Pam?” tukoy ni Laly sa dati nilang dormmate na mahilig makiusyoso sa mga bar. “Pero di ako pumayag n’un, kahit pa nga libre.”

“Eh, bakit ngayon pumayag ka? At talagang

nakikitili ka pa kanina ha,” tukso ni Anya sa kaibigan habang pumapapak ng cheese sticks.

“Pinilit mo ako, tapos nangungonsyensya ka pa. Sabi mo nakataya dito ang kinabukasan mo bilang isang filmmaker, di siyempre suporta naman ako. Best friend kita, eh! At since nandito na rin lang tayo, di mag-enjoy na, di ba?” Nagkatawanan silang tatlo.

Sinugod ni Anya si Laly sa Makati noong isang gabi at sinabing gagawin na niya ang matagal nang plano na documentary film. At naisip niyang gawan ang tungkol sa serial gay-killer. Napangiti siya nang maalala kung paano napatili si Laly sa gitna ng mga kumukulong pasta nang marinig ang plano niya. Iyon ay matapos niyang sabihin sa kaibigan na balak niyang ikutin ang mga gay bars sa Manila at mga areas na tinatambayan ng mga callboys para kumuha ng mga video footage. Nababaliw na umano siya. Pero pumayag naman ang babae na samahan siya sa kanyang project.

Pati si Hugh na nananahimik sa condominium nito sa Ortigas ay hinila ni Anya para samahan din siya. Noong una ay tigas sa pagtangga si Hugh. Hindi raw siya puwedeng pumunta sa ganoong lugar dahil baka may makakita at mai-report pa siya sa Ombudsman. Pero mapilit si Anya, binantaan pa

ang lalaki na mag-eeskandalo sa opisina nito bilang babaeng nabuntis ni Hugh. Kahit natatawa sa inis ay napapayag na rin si Hugh na sumama sa kanila ni Laly dahil hindi rin naman nito maatim na pabayaang ang dalawang babae na gumala-gala nang sila lang.

Kaya heto silang tatlo ngayon. Nagpipilit na magmukhang normal na customers ng gay bar. Ang maliit na videocam ni Anya ay nasa body bag nito at nakapatong sa mesa nila para hindi halata ang kanyang pagkuha ng footage. Hi-tech iyon, halos kasinlaki lang ng box na lalagyan ng diskette. Padala iyon sa kanya last month ng kanyang tito na nasa Japan.

“Naku, mukhang lalapit yata dito si Legolas!” Biglang nag-angat ng tingin si Anya nang marinig ang sinabi ni Laly. Nakita niyang naglalakad nga sa direksyon nila ang macho dancer.

Muntik na siyang mapatili. Ano ang gagawin niya? Biglang sinalakay ng panic ang dibdib ng dalaga, agad na hinawakan ang maliit na bag na may lamang videocam.

“Hi!” bati ng lalaki sa kanila. Agad na napansin ni Anya ang maputi at pantay-pantay nitong ngipin.

Puwedeng toothpaste commercial model, wala sa

loob na naisip ng dalaga.

“Hello!” Inilahad ni Laly ang kamay nito sa macho dancer, at pasimpleng siniko si Anya. Ngumiti lang siya. Si Hugh ang nag-offer ng upuan sa lalaki.

“Regular customers kayo?” tanong nito sa kanila.

“Kung lahat ng nagtatrabaho dito ay sing-guwapo mo, talagang magiging regular customers kami!” agad na sabad ni Laly. Gusto na itong batukan ni Anya.

“Okay ka pala,” komento ng lalaki kay Laly, tapos napatingin sa kanya. “Ako nga pala si Ryan.”

“Hugh, pare.” Muntik nang matawa si Anya sa boses ng kaibigan, napakapormal kasi at hindi siya sanay roon.

“Ako si Laly, siya naman si Anya.” Malapad ang ngiti ng kaibigan, kaya gusto na itong itulak ni Anya. Lasing na yata ang babae kaya pati macho dancer pinagti-trip-an.

“Hi, Anya!” pa-cute ng lalaking kanina ay naka-brief lang sa stage.

Yucks, kinikilabutang naisip ni Anya.

Gusto na niyang umalis, pero naisip niyang dapat

ay masanay na siyang makisalamuha sa mga tulad ni Ryan, kung gusto niyang maging successful ang kanyang unang project. Ang mga ito ay mahalaga sa ginagawa niyang documentary.

Naisip niya ang kanyang lola na conservative at ultrareligious, kandidata na sa Vatican City para maging santa dahil araw-araw ay nasa simbahan at ang hobby ay magrosaryo. Kapag nalaman nitong nasa isang gay bar siya, baka kaladkarin siya nito sa harap ng Papa at pabasbasan ng isang drum na holy water! Iisipin ng matanda na sinapian na siya ng sampung maligno at nanganganib na maging kampon ng kadiliman.

“Special child ba siya?” narinig ni Anya na tanong ng macho dancer sa mga kaibigan niya, na ikinatawa nang malakas ni Laly. Maging si Hugh ay napahalakhak.

“Ano’ng nakakatawa?” asar na sabad niya. Tinapunan niya ng matalim na tingin ang mga kaibigan.

“Oh! Nagsasalita ka naman pala,” nakangiting sabi ng lalaki. Pakiramdam ni Anya ay nananadya ito, kaya inirapan niya ito.

“Di ka kasi nagsasalita diyan, napagkamalan ka

tuloy na pipi!” tukso ni Laly. Si Hugh ay uminom na lamang ng hawak nitong beer, pero halatang pinipigil ang tawa.

“Tse!” Gusto na ni Anyang pag-untugin ang mga kaibigan. Mas lalong gusto niyang sapakin ang lalaking nagngangalang Ryan. *Napakapresko!*

“Miss, sorry ah.” Nakangiti ito sa kanya, na lalo pang ikinainis ng dalaga. Muli niya itong inirapan. Care niya kung sumakit ang leeg niya sa kairap!

“Umuwi na nga tayo.” Bigla niyang nasabi sa dalawang kasama. Sinenyasan na niya ang waiter para sa kanilang chit. Pagkuwan ay tumayo siya. “CR lang ako.”

Napatayo rin ang macho dancer, na ikinagulat ni Anya. “Samahan na kita, gusto mo?” anito.

Nanlalaki ang mga matang binalingan ito ni Anya. “Okay ka lang?” singhal ng dalaga. “Bakit mo ako sasamahan sa CR? Eh, kung sinapak kaya kita diyan?” buong taray na singhal niya.

“Baka lang kasi hindi mo alam kung nasaan ang CR dito.” Halatang na-offend ang lalaki sa inasta niya, pero wala siyang pakialam.

“Thank you, but I can manage!” asik pa ni

Anya, saka nagmartsa. Naiwang nakatanga ang mga kaibigan niya, halatang shocked.

Pagkatapos magbanyo ay binayaran na ni Anya ang bill nila. Wala na sa table nila ang macho dancer, much to her relief. Agad silang umalis ng bar. Habang nasa daan ay sinermunan siya ni Hugh. Napakataray raw ng dating niya sa harap ni Ryan.

“Paano mo matatapos ang ginagawa mong documentary kung sa umpisa pa lang ay nagtatalak ka na sa mga tulad ni Ryan?” sabi nito habang nagdrive. Si Laly ay nakasalampak na sa likod ng kotse, naparami ng inom kaya medyo nahilo.

“Eh, kasi ang presko niya! Akala yata sobrang guwapo niya!” nakangusong sagot ng dalaga. “Sukat ba namang lumapit-lapit pa sa atin!”

“Ganoon talaga sila. Siyempre sanay makipag-usap sa mga customers ang mga iyon. Saka trabaho nila ang mag-PR at magpa-cute,” paliwanag ni Hugh. Nasa *EDSA* na sila ngayon, sa harap ng *Megamall*. “At saka, guwapo naman talaga siya...” dugtong pa nitong bahagyang nakangiti.

“Type mo pala siya, kaya mo pinagtatanggol!” irap na naman ni Anya.

“Loka-loka!” singhal ni Hugh. “Kahit hindi ko siya

type, pagsasabihan pa din kita. Hindi mo siya dapat binastos nang ganoon. Para kang hindi nag-aral niyan sa *UP*, kasi may discrimination ka sa tulad niya!”

“Hindi ako nagdi-discriminate,” protesta ni Anya. “Napepreskuhan lang ako sa kanya. Ang yabang eh!”

“Ano ba’ng ginawa niya sa ’yo, aber?” Nang hindi kumibo ang dalaga, nagpatuloy si Hugh. “Wala naman, di ba? Akala lang niya, special child ka.” Napahalakhak pa ito bago nagpatuloy. “Kasi nga wala ka man lang reaction kanina nang lumapit siya, di ka rin nagsasalita.”

“Alangan namang magtatatalon ako sa tuwa dahil lumapit siya sa atin?” sarkastikong asik ni Anya.

“Gaga!” singhal uli ni Hugh. “Ang ibig kong sabihin, para kang tuod kanina. Dapat nga ikaw itong enthusiastic na kausapin siya dahil project mo ito. Paano ka makakapag-interview ng mga callboy at mga tulad niyang macho dancers na kalimitang pinupuntahan ng mga bakla kung magpapaka-dainty ka diyan!” litanya pa nito.

“Oo na po!” Nakasimangot pa rin si Anya. Alam niyang tama ang kaibigan. “Hayaan mo next time, Miss Congeniality na ako!”

“Dapat lang. Dahil pag nagtaray ka pa next time,

iiwanan ka namin ni Laly!” Huminto ito sa mismong harap ng gate nila. “O siya, good night na.” Hinalikan muna siya ni Hugh sa pisngi bago pinababa. Tinapik na lamang niya si Laly na tulog na sa backseat.

“Salamat. Next Friday uli.” Kumaway na lamang siya sa papaalis na mga kaibigan, saka pumasok sa bahay nila.

Pagdating sa kuwarto ay agad niyang binuksan ang videocam at ni-review.

My first material. Nakangiti ang dalaga habang naglalaro ang mga ideya sa isip.

Matagal nang nakaalis sina Anya ay nanatiling nakaupo sa bar si Ryan. Magsasara na ang bar at kaunti na lang ang natitirang mga customers.

Hindi ko man lang nakuha ang number niya. Nanghihinayang ang binata na hindi niya nakausap nang maayos ang nakilalang babae. Ang taray naman kasi niyon.

“Ano, pare, kumusta ang unang gabi mo?”

Napatingin si Ryan sa nagsalita. Ang alam niya, ‘Bogs’ ang pangalan ng lalaking umupo sa tabi niya. Humingi ito ng isang beer sa bartender at inalok siya.

Tumanggi ito.

“Okay naman. Kahit medyo nakakapanibago,” nakangiting sagot niya.

“Gan’on talaga dito pag bago, medyo nangangapa pa.” Lumagok muna ito ng beer bago nagpatuloy. “Ako nga dati, akala ko di ko kakayanin ang trabaho. Kaso kailangan, kaya ’eto. Tumagal naman kahit pap’ano.”

“Gaano ka na ba katagal dito?” tanong ni Ryan.

“Isang taon na din. Ikaw, saan ka ba dati nagtatrabaho? Paano ka ba napunta dito?”

“Sa may Taft.” Mabilis na nag-isip ang binata. “Sa isang restaurant na pag-aari ng isang Chinese. Cook ako doon.”

“Cook ka pala. Bakit ka umalis doon? Mababa ang sahod, ’no?”

Tumango si Ryan. “Wala pang overtime.”

“Ang hirap kasi ng buhay ngayon. At least dito, mabilis ang pera. Iyong iba nga dito, pati bading pinapatulan.” Natawa ito.

Nakitawa rin si Ryan, ngunit lumilipad ang isip niya. Nang makita niyang papalapit na si Alwyn ay tumayo na siya at nagpaalam kay Bogs. Kumaway pa

sa kanya ang lalaki nang makalabas sila ng club na nasa isang sulok ng Quezon City.

Agad na nagpara ng taxi ang dalawa at nagpahatid sa pinakamalapit na gotohan sa Quezon Avenue. Kumain muna sila, pagkatapos ay muling nag-abang ng taxi at nagpahatid sa Taft Avenue. Pagkaraan ng beinte minutos ay bumaba na ang dalawa sa harap ng isang kilalang building—sa *National Bureau of Investigation*.

Alanganing oras na pero pinagbuksan pa rin ng gate sina Ryan at Alwyn. Sumaludo pa sa kanila ang guard na nagpatuloy sa kanila. Dere-derecho ang dalawa sa likurang bahagi ng compound, papasok sa isang tila dormitory-type na building. Pagdating sa loob ay isang may kalakihang kuwarto ang pinasok nila, kung saan tatlong lalaki ang naghihintay roon. Nasa conference table ang mga iyon, nagkakape habang nanonood ng international news sa cable. May ilang box ng donut din sa mesa.

“Laureno, kumusta ang lakad?” agad na bati ng isang lalaking may hawak na donut, si Allen.

Hindi sumagot si Ryan, sa halip ay nakasimangot na sumalampak sa sofa. Hinubad niya ang suot na sapatos, humiga saka pumikit.

Binalingan ni Allen si Alwyn, na noon ay magtitimpla sana ng kape.

“Ano’ng nangyari sa lakad ninyo?”

Hindi na muna itinuloy ni Alwyn ang pagtimpla ng kape.

“Ayun...” Alanganin itong napatingin kay Ryan, tinatantya kung ano ang sasabihin o kung paano magkukuwento.

“Anong ’ayun? Ano nga?” Lumapit ang isa pa nilang kasama na katatapos lang magkape, si Kutz.

“Napasubo ng sayaw si Ryan.” Bahagyang lumayo si Alwyn sa sofa. Mahirap nang matadyakan.

“Sumayaw? Tapos?” Interesado na ang tatlong lalaking nasa loob ng kuwartong iyon. Lumapit pa sila kay Alwyn habang panaka-naka ay sinusulyapan ang nakapikit na si Ryan sa sofa. Wala pa ring reaksiyon ang binata.

“Eh, medyo... ano...” Napakamot ng ulo si Alwyn. “Iba pala ang gagawin sa stage kaya ’ayan.” Humina ang boses nito, isinenyas si Ryan. “Bad trip yata.”

“Ano pa ba ang ipinagawa?” Halos pigil na ang hininga ng tatlo.

Muling sumenyas si Alwyn at pabulong na nagsalita. “Naka-brief lang,” anito.

Nanlaki ang mga mata ng tatlo, sabay tingin kay Ryan.

“Nag-strip dance?” di-makapaniwalang tanong ni Bruce. Naubos nitong bigla ang lamang tubig ng hawak nitong baso.

“Sumayaw si Ryan ng nakahubad sa stage?” ulit ni Allen.

“Me choice ba ako?” Biglang nagdilal ng mga mata si Ryan. “Muntik na akong mamatay sa hiya kanina! Sabi na nga ba, duda ako sa assignment na ito! Shit talaga!”

Di napigilan ng tatlo ang mapahalakhak. Halos gumulong ang mga ito sa katatawa. Hindi nila ma-imagine ang ginawang pagsasayaw sa stage ng kasamahan nang naka-brief lang. Mayamaya, pati si Ryan ay natawa na rin. Nakahinga nang maluwag si Alwyn. Kanina pa ito kinakabahan dahil baka kabugin ito ni Ryan dahil sa pagkukuwento ng nangyari sa bar. Nagtimpla ito ng dalawang tasa ng kape, ang isa ay ibinigay kay Ryan.

“Bakit naman kasi ako pa ang napili sa assignment na ito. Marami namang puwede,” himutok ng binata

habang umiinom ng kape.

“Dahil ikaw ang best choice sa assignment na ito.” Napaigtad ang lahat nang marinig ang boses ng nagsalita.

“Sir.” Napatayo si Ryan at nagbigay-galang sa bagong dating.

“Alam kong hindi mo kami bibiguin sa misyong ito, Agent Laureno.”

3

Ang amang si Menandro Laureno ang nakaimpluwensya kay Ryan para kumuha ng Law, kahit na ang gusto talaga ng binata ay maging isang secret agent, katulad ng kanyang idolo na si *James Bond 007*.

Minsan nang inambisyon ni Menandro na maging abogado pero hindi iyon natupad dahil nag-asawa ito kaagad. Kaya naman sa anak ipinamana ang nabigong ambisyon. At dahil nga masunuring anak ay dumerecho ng law school si Ryan pagkatapos ng kanyang kursong Political Science. Sa *St. Louis University* sa Baguio nag-aral ang binata dahil tagaroon sila. Pero nang matapos sa law ay agad na nag-apply ang binata sa *National Bureau of Investigation* bilang agent, sa kabila ng protesta ng kanyang mga magulang.

“Delikado sa NBI, anak! Kita mo nga ang mga balita sa TV. Maraming namamatay sa operation,” ani Felicia na kanyang ina.

“Dapat nagre-review ka na para sa bar!” anang kanyang ama.

Excited ang binata sa kanyang pagsabak sa

trabaho kaya kahit sangkatutak na sermon ang inabot niya mula sa mga magulang ay sumige pa rin siya. Ipinangako na lang niyang hindi makakahadlang ang trabaho niya sa pangarap ng ama na maging abogado siya.

Pero hindi agad nakakuha ng bar exam si Ryan nang taong iyon. Halos hindi siya magkandaugaga sa trabaho kaya hindi niya maisingit ang puspusang pagre-review. Nag-undergo muna siya ng orientation, physical training at pag-aaral sa iba't ibang kasong hawak nila. Isinama rin siya sa mga lakad ng mga batikang agents para makita niya kung paano mag-operate ang mga iyon.

Kalaunan ay nakapag-adjust na rin ang binata sa buhay na pinasok niya. Nabigyan na rin siya ng mga misyon pero halos mga minors lang. Usually ay sa surveillance team siya dahil madali siyang mag-blend sa crowd. Hindi raw kasi siya mukhang alagad ng batas o taga-*NBI* ang hitsura niya.

Guwapo naman talaga si Ryan. Matangos ang ilong niya na bumagay sa mukha na animo sadyang iginuhit sa perpekasyon. Manipis ang labi at may pantay-pantay na ngipin. Ang kanyang mata ay may pagka-gray na binagayan naman ng makapal at mahahabang pilik. At dahil bata pa ay athlete

na, maganda ang pangangatawan ng binata. Hindi malaki, hindi payat pero siksik. Bumagay iyon sa kanyang height na six feet. Lalo pang nagpalakas ng kanyang appeal ang kanyang morenong complexion. Lalaking-lalaki ang dating niya, ayon sa marami niyang kakilala.

Ang kanyang physical appearance ang isa sa mga rason kung bakit siya ang ginawang frontman ng kanilang bagong misyon ngayon.

Tungkol sa lumalalang kaso ng mga pinapatay na bakla ang tinututukan ngayon nina Ryan. Nakikipagtulungan sila sa *PNP* pero nagsasagawa rin ng sariling imbestigasyon at pagmamanman. Sa mga nakalap nilang report at tip mula sa kanilang mga asset ay tila iisang grupo ng kalalakihan ang gumagawa ng mga karumal-dumal na pagpatay sa mga miyembro ng third sex. Pagnanakaw ang isa sa anggulong kinu-consider nila, pero alam ni Ryan na may mas malalim na dahilan pa kung bakit pinapatay ang mga biktima matapos pagnakawan. At sa kanilang initial findings, isa sa suspects ay nagtatrabaho sa isang gay club sa Quezon City. Kaya naman agad na bumuo ng isang team ang kanilang ahensya para matukoy ang grupo ng mga kriminal.

Ayon sa head ng kanilang department, at

siyang tumatayong direct officer nila, siya lang ang puwedeng magpanggap na nagtatrabaho sa isang gay bar.

“Mukha ba talaga akong callboy, Sir?” lakas-loob niyang tanong. Bigla siyang na-conscious sa hitsura.

Napahalakhak si Bruce nang marinig ang tanong niya sa kanilang superior. Ang lalaki ang kanyang pinakaka-close sa lahat ng kanyang mga kapwa-agents. Agad namang tumahimik si Bruce nang tapunan niya ito ng matalim na tingin.

“Hindi naman,” agad na sagot ni Atty. Castro, ang kanilang superior. “Pero perfect kasi ang features at built mo, Agent Laureno. Macho ang dating mo, hijo.”

“Sir, para mo na ring sinabing ang papanget ng porma namin,” kunwari ay angal ni Bruce. Nagtawanan tuloy ang ibang agents na nakikinig.

“Let’s face it, boys,” baling ni Atty. Castro kay Bruce at sa ilang agents na naroroon. “Si Agent Laureno ang pinakasimpatikong tingnan sa inyong lahat.”

“Sir, bukas na bukas po magsa-submit kami ng mass resignation,” biro ni Allen, na lalong nagpalakas ng tawanan. Ginawa ni Ryan na regular ang paglalaro ng tennis, soccer at basketball bilang paghahanda

sa assignment niyang iyon. Hindi naman kasi siya mahilig mag-gym dahil boring para sa kanya ang magbuhat ng kung anu-anong mabibigat na bakal para mapalaki ang katawan. Maging ang mga kilos at pananalita ng mga lalaking nagtatrabaho sa gay bar ay pinag-aralan niya para maging convincing ang kanyang pagpapanggap. Ang hindi lang niya napaghandaan ay ang pagsasayaw. Dahil hindi naman niya planong maging macho dancer! Ilang beses niyang tinanong ang superior tungkol doon bago niya tinanggap ang trabaho, mariin siya nitong in-assure na hindi mangyayari ang ganoon dahil nga bartender ang a-apply-an niya roon. Pero napansin ng may-ari ng club ang tikas niya kaya sa halip, tinanggap siya nito bilang call boy.

“Sir, full-pledged male entertainer na ’yang si Ryan!” Napukaw ang pagmumuni-muni ng binata nang marinig ang boses ni Kutz.

“So ano nga ba ang nangyari sa lakad ninyo?” tanong ni Atty. Castro.

Nag-report na nga si Ryan. Nagkaroon sila ng maikling meeting at briefing bago nagsipagtulog. Sa kabilang kuwarto ang ginagamit nila na tulugan kapag may mga misyong pang-ilang araw lamang.

Alas cinco na ng madaling-araw nang makatulog

siya.

Tuwang-tuwa si Anya nang malamang wala si Kathleen sa production meeting nang araw na iyon. Ibig sabihin ay maaga silang matatapos at makakaalis agad siya. Balak kasi niyang pumunta ng mall at mamili ng ilang gadgets para sa kanyang computer. Wala na rin siyang blank tape para sa kanyang videocam.

Bago nga mag-alas-dos ay nakaalis na ng opisina ang dalaga. Dumerecho siya sa *Robinson's Place* mula roon.

Madali naman siyang nakabili ng mga kailangan, kaya naisipan niyang dumaan muna sa department store. Balak niyang bumili ng bagong rubber shoes nang marinig niya ang kanyang pangalan.

“Anya! Anya!” agad na napalingon ang dalaga upang tingnan kung sino ang tumatawag sa kanya. At laking gulat niya nang makilala kung sino iyon.

“Ikaw?” di-makapaniwala si Anya. Nasa harap niya ang macho dancer sa gay bar!

“Hi!” nakangiting bati ni Ryan. Mabilis itong nakalapit sa kanya.

“Ano’ng ginagawa mo dito?” nasabi ng dalaga nang makabawi sa gulat.

“May binili.” Itinaas pa ng lalaki ang ilang shopping bags na bitbit. “Masama ba?”

“Hindi,” mabilis na sagot ni Anya, saka nagsimulang humakbang. “Sige, nagmamadali ako, eh.”

“Teka, huwag ka munang umalis. Kumain muna tayo!”

“Hindi puwede.” Wala siyang balak kumain kasama ang macho dancer. *Baka mapagkamalan akong sugar mommy!*

“Bakit hindi puwede? Nahihiya ka bang kumain kasama ako? Dahil ba sa trabaho ko?” prangkang tanong ni Ryan.

Napalunok si Anya. May ESP yata ang kaharap. Paano nito agad na nahulaan ang kanyang iniisip? *Baka pamangkin ni Madam Auring!*

“Hindi, ah!” Umiling pa siya. “M-mahirap kasing mag-abang ng taxi kapag ganitong oras kaya nagmamadali ako,” pagdadahilan niya.

“Taxi lang pala, walang problema. Ako na ang bahala d’un, ipag-aabang kita ng taxi mamaya.

Kumain muna tayo, please?”

Walang nagawa si Anya kundi pagbigyan ito. Isa pa, ayaw niyang isipin nitong may discrimination siya sa tulad nitong ganoon ang trabaho. Pag nalaman ni Hugh, tiyak na sasabunin na naman siya ng kaibigan at pagsasabihang snob!

Saka ano ba ang malay niya, baka may maitulong pa ito sa ginagawa niyang documentary! Pagkaisip sa kanyang pet project, pumayag na rin siya.

Nakahinga nang maluwag si Ryan nang pumayag si Anya na kumain muna sila. Talagang timing ang pagpunta niya sa mall. Mabuti na lang at naisipan niyang bumili ng ilang t-shirts at pantalon kanina, nagkrus tuloy ang landas nila ng babaeng nakilala niya sa bar.

Actually, halos dalawang linggo na niyang inaabangan ang pagbalik ni Anya sa bar—pero hindi na muling naligaw roon ang babae. Sa gitna ng trabaho at imbestigasyong hinahawakan ay hindi nawala sa isip niya ang mukha ni Anya at ang kakaibang character nito. Astig ang dating at palaban ito, contrast sa maamo nitong mukha. Para itong typical na heroine sa mga espionage films.

Pumasok sila sa *Kenny Rogers*. Agad na pinaupo ni Ryan si Anya sa isang mesa na nasa sulok at tinanong kung ano ang gusto nitong kainin. Siya na ang pumila at bumili ng pagkain nila.

“Mabuti’t nakita kita dito,” nakangiting sabi ni Ryan nang makaupo. “Madalas ka ba dito?” Umiling si Anya. “Taga-saan ka ba?”

“Mandaluyong,” sagot nito. “Hindi sa loob. Sa may Barangka Drive.” Bahagyang ngumiti ang babae kaya napangiti na rin siya.

“Ah. Alam ko ang Mandaluyong pero hindi ko kabisado.” Naisip ni Ryan na minsan na silang nagkaroon ng operation sa lugar na iyon noon, pero alam niyang hindi sila nagawi sa sinabi nitong lugar.

“Hindi ka ba taga-Maynila?” tanong ni Anya. Umiling ang binata.

“Taga-bundok ako,” aniyang nakangisi.

“So, probinsiyano ka?”

“Hindi ba obvious?” Hindi sumagot ang babae. “Siguro dahil nakapag-adjust na ako dito sa lungsod. Pero sa probinsya talaga ako lumaki, kaya nga hindi lang ako sweet lover, nature lover pa.”

Nang makita ni Ryan na bahagyang sumimangot

si Anya sa biro niya ay agad siyang humingi ng paumanhin.

“Sorry ha. Nakalimutan kong iba ka nga pala. Nasanay na kasi akong makipagbiruan nang gan’un sa mga kakilala ko,” anito. “Saka siyempre, alam mo naman ang trabaho ko.”

“Bakit ka nga pala napunta sa trabahong iyan?”

Dahil ito ang assignment na ibinigay sa akin at wala akong magawa, gustong isagot ni Ryan kay Anya. Ayaw niya kasi sanang magsinungaling sa babae.

“Dala ng pangangailangan.” Totoo naman iyon, in a way. Kailangan niya talagang magtrabaho sa bar para makapangalap ng impormasyon...

“W-wala na bang ibang trabaho? ’Yung hindi ka...” Hindi maituloy-tuloy ni Anya ang gustong sabihin.

“Yung hindi naghuhubad?” dugtong niya sa gustong sabihin ng babae. Tumango ito. “I’m sure, meron naman. Pero mailap pa ang pagkakataon.”

“Sayang naman, mukha ka pa namang matalino,” anitong ikinataba ng puso niya.

Talagang nakaramdam ng panghihinayang si Anya habang nag-uusap sila ni Ryan. Unti-unti kasi niyang nakikilala ang lalaki at base sa obserbasyon niya, may potential talaga ito, higit pa sa guwapong mukha nito.

Bakit ka kasi naging macho dancer?

Napagmasdan ng dalaga na mas may hitsura pa nga si Ryan kaysa sa ibang artistang nakikita niya sa TV network na pinagtatrabahuhan. Napansin din niya na kung pagmamasdan ang lalaki ay hindi ito mukhang nagtatrabaho sa isang gay bar. Pormal ito kung kumilos at manamit, at marunong magdala ng sarili. May pagkapilyo nga lang kung magbiro, pero halata namang mabait. At maganda ang diction nito for someone who grew up in the province!

Naisip pa ni Anya na kung nabigyan lang ng magandang pagkakataon ang tulad ni Ryan ay malamang na malayo ang mararating nito sa buhay. Papasa itong executive sa Makati. O di kaya ay engineer. O kaya ay modelo. Napansin kasi ng dalaga na maganda ang height ni Ryan, bukod pa sa katawan nitong nakita na niya!

May girlfriend na kaya siya?

Biglang nanghilakbot si Anya nang ma-realize

ang huling naisip. Gosh! Nagiging interesado siya kay Ryan na isang macho dancer! Tama ba naman iyon?

“May dumi ba sa mukha ko?” narinig niyang tanong ng kaharap.

“Ha?” Bahagyang namula ang dalaga nang makitang nakatitig sa kanya si Ryan. “Ah, wala. May bigla lang akong naisip. Sorry.”

“Siguro iniisip mo ang boyfriend mo no?”

“Hindi ha! Wala akong boyfriend.”

“Ang suwerte ko naman. Puwedeng mag-apply?”

“Heh! Pag di ka tumigil diyan, iiwan kita dito!” singhal ni Anya sa lalaki. Pero nakangiti na siya ngayon. Hindi niya alam kung bakit kinikilig siya sa ipinakikita nitong interes sa kanya.

“Nagbibiro lang po.” Ngumiti si Ryan, at di nakaligtas sa dalaga ang pang-toothpaste commercial na ngiti nito. “Ano ba’ng naisip mo?”

“Yung trabaho ko,” alibi ng dalaga.

“Ano ba’ng trabaho mo?”

Tiningnan ni Anya ang lalaki. As much as possible ay hindi niya sinasabi ang nature ng kanyang trabaho o kung saang network siya connected dahil ayaw

niyang may nangungulit. Pero sa tingin niya ay mukha namang harmless ang pagtatanong ni Ryan tungkol sa trabaho niya.

“Video editor ako.” Naisip niyang baka hindi alam ng lalaki kung ano iyon kaya magpapaliwanag sana siya, pero nagulat siya sa komento ng kausap.

“So sa ’yo dumadaan ang mga raw materials at footages na kinukunan ng mga cameramen.” Uminom muna ito ng coke bago nagpatuloy, “Gusto mong maging filmmaker, ’no?”

Tumango si Anya. Habang tumatagal ang pag-uusap nila ay lalong lumalakas ang personality ng lalaki. Lumalaki rin ang attraction niya para rito. Unbelievable. Kung hindi lang niya nakita mismo na sumasayaw ito sa gay bar, iisipin niyang mataas ang pinag-aralan ni Ryan.

Kinakabahan na si Anya. Hindi siya madaling ma-impress ng isang lalaki. Pero hindi niya maintindihan kung bakit napahanga siya ng isang tulad ni Ryan. Kung tutuusin ay second meeting pa lang nila, pero natagpuan ng dalaga ang sarili na nag-e-enjoy sa company nito.

Macho dancer siya at nagtatrabaho sa isang gay bar, muli niyang paalala sa sarili. Naisip ni Anya na

nababaliw na yata siya!

Marami pa silang napag-usapan ni Ryan habang kumakain. Nag-enjoy si Anya dahil makuwento ang lalaki, at maraming alam na topic. Marami siyang natutunan kahit sa ilang oras lang na pakikipag-usap dito.

Conscious na conscious naman siya dahil halos matunaw siya sa mga tingin nito. Natataranta na rin siya dahil maligalig na ang kanyang dibdib. Walang tigil iyon sa pagkabog.

Crescent Heart

1

“Eleven years,” mahinang bulong ni Cassandra Asuncion. Eleven years nang huli siyang nasa Pilipinas.

Nakatitig siya sa labas ng bintana habang binabagtas ng sasakyan niya ang kahabaan ng EDSA. Kararating lang niya galing sa Paris kung saan siya namalagi mula nang umalis sa bansa noong siya ay disisyete anyos pa lamang. Napakabata pa niya noon, at walang muwang, bagong graduate ng high school mula sa isa sa mga pinakasikat na eksklusibong paaralang pambabae. Magkokolehiyo siya noon, dapat ay kukuha ng kursong Interior Design sa *UST*. Akala niya, matapos lang niya ang apat na taon sa kolehiyo ay mag-aasawa na siya.

Sobrang mali ang inakala niya. Napakalayo sa mga pangarap niya ang mga nangyari. Umiling si Cassandra at minasdan ang mga flyover at riles ng *MRT* na nagbibigay ng silong sa *BMW* na minamaneho ng driver ng tiyahin niya.

Sa edad na twenty-eight, retiradong modelo na si Cassandra. Hindi dahil sa kumupas na ang kanyang kagandahan, pero naisip na din niyang wala

nang hihigit pa sa mga nakuha na niyang modeling contracts. Sa edad na diez y ocho, naging model na siya ng *White Lace* na siyang isa sa mga pinakasikat na brand ng underwear sa Europa. Naging modelo na din siya ng ilang sikat na clothing line, shampoo at makeup. Sa isip niya, wala na siyang gugustuhin pang i-modelo.

Hindi lang masasabing maganda si Cassandra. Ubod ito ng ganda. Mahaba ang unat na unat na buhok, bilugan ang mga mata na kulay tsokolate at may ubod ng haba na mga pilikmata. Matangos ang ilong nito at maganda ang natural na mapupulang mga labi. Matangkad ito, tumatayo sa 5'9" ang height at hindi payat gaya ng mga stereotype na modelo.

Sa Paris, kung saan ito sumikat, isa ito sa mga exotic at pinakamagagandang babae sa modeling agency na siyang naka-discover dito. Malaking kawalan sa kanila ang desisyon ni Cassandra na magretiro na ng tuluyan mula sa pagmomodelo.

Oo nga't malaki ang bayad, kilala si Cassandra ng maraming tao, iniidolo, halos sinasamba. Pero ni minsan hindi iyon ang gusto ng dalaga sa buhay. Kahit pa nakikita niya ang sarili sa naglalakihang billboard sa mga pinakamalalaking siyudad sa Europa, hindi nagbago ang mga pangarap ni Cassandra sa

buhay. Iyon ay maging isang interior designer at mapangasawa ang pinakamamahal na lalaki sa balat ng lupa.

Hindi niya makalimutan ang nag-iisang naging nobyo niya noong teenager pa lang silang dalawa. Ang lalaking iyon ang naging dahilan kung bakit siya ipinanganak. Umikot dito ang mundo niya, at natitiyak niyang ganoon din naman ito sa kanya. Halos mamatay siya sa lungkot nang iwan niya ito, nang magkagulo ang buhay nilang dalawa. At alam niyang hindi siya mapapatawad ng lalaki sa nangyari sa kanilang dalawa.

Napangiti ng mapait si Cassandra. Siguro ay may asawa na ito ngayon, isip niya. Hindi pwedeng siya lang ang mahal ni Noah Callanta ng ganoong kalalim. Hindi porke labing-isang taon niya itong minahal kahit pa magkahiwalay sila ay ganoon din ito sa kanya.

Nasaan na kaya si Noah? Malapit na ang birthday nito, isip niya. Hanggang ngayon naaalala pa din niya ang kaarawan ng dating nobyo. Corny man, ni minsan hindi siya nakalimot na bilhan ito ng regalo kahit pa hindi niya naman ito ipinadadala. Tama na para sa kanya ang mamili ng mga ireregalo, balutin iyon at lagyan ng card na hindi naman mababasa

ng binata. Pag naiisip niya ang mga regalang iyon na nakatambak lang sa isa sa mga cabinet niya sa apartment, gusto niyang tumawa at umiyak. Pero nag-iisip pa din siya kung ano ang susunod na bibilhin para iregalo sa dating nobyo.

Napansin niyang nasa Ayala Avenue na sila at nagsalita si Manong Alfred, ang driver ng Tita Olga niya. “Ma’am,” simula nito. “Ibababa ko na muna kayo bago ako mag-park. Tawagan na lang po ninyo ako kapag tapos na ang photoshoot.”

Isang huling interview at photoshoot na lang at officially retired model na si Cassandra. Hindi siya makapaghintay. Nginitian niya si Manong Alfred. “Sige, Manong,” sagot niya. “Hahanapin ko na lang ang offices ng Pinnacle Publishing.”

Tumango ang driver bago lumiko sa Paseo de Roxas.

Sa oras din na iyon, nakatanga sa kawalan si Noah Callanta. Nakatitig siya sa labas ng bintana ng opisina kung saan tanaw niya ang kabuoan ng Ortigas. Natapos na niya kahapon ang mga kailangang gawin sa mga design ng mga proyektong naka-assign sa kanya. Kagagaling lang niya sa isa sa mga sites na

dapat ay bukas pa sana niya kailangang puntahan. In short, wala na siyang kailangang gawin. At pag nalaman iyon ng kanyang ama at ng kanyang kuya, pipilitin na naman ng mga ito na kumuha man lang siya ng kahit isang araw na vacation leave.

Mula nang magsimulang magtrabaho sa kompanya ng pamilya, ni minsan hindi pa nagbakasyon si Noah. Kung kaya niyang bumangon, papasok at papasok siya sa trabaho. Workaholic siya, sobrang subsob sa trabaho, at nag-aalala ang pamilya na hindi niya nababalanse nang maigi ang buhay. Twenty-nine na siya, thirty na sa isang linggo, pero binata pa din. Eleven years na siyang binata.

Guwapo si Noah. Kung tatanungin mo ang mga kapatid nito, ito ang sasabihin nilang pinaka-may itsura sa magkakapatid na Callanta. Tulad ng mga kapatid, singkit ito, matangos ang ilong at maganda ang hugis ng mga labi, unat ang buhok nitong itim na itim, matangkad at matipuno ang katawan. Matalino, nakatapos ng Civil Engineering sa *UST* at cum laude. Hindi naman sasabihing kulang sa bilib sa sarili ang binata dahil kahit ngumiti lang ito ay madaming babae ang nahuhumaling dito. Iyon nga lang ay ni minsan hindi nanligaw, hindi nagpakita ng interes sa kahit kanino.

Hindi naman sa manhid ito... o kaya ay bakla. Gusto rin naman niyang mag-asawa. Naiinggit siya sa mga kapatid na pareho nang pamilyado. Iyon nga lang ay hindi niya pa nakikita ang babaeng gusto niyang mapangasawa.

Umiling si Noah. Ayaw niyang lokohin ang sarili. Nakita na niya ang babaeng gusto niyang pakasalan. Matagal na panahon na. Labing-isang taon na ang nakakaraan. Labing-isang taon na rin ang nakakaraan nang iwan siya nito.

Siguro ay dahil malapit na ulit ang kaarawan niya kaya't inaatake siya ng kasentihan. Bumuntong-hininga si Noah. Lumapit siya sa mesa at binuksan ang pinakailalim na drawer kung saan nandoon ang isang itim na leather-bound journal. Hinaplos niya ang cover nito bago nanggali ng ngipin at ibinalik iyon sa drawer. Pabalabag niyang isinara ang drawer saka tumayo at umalis.

2

Makulay at masaya ang atmosphere sa reception area ng Pinnacle Publishing. Puti ang mga pader ng opisina pero ang mga haligi sa apat na sulok ng silid ay pininturahan ng mga matitingkad na kulay asul, pula, berde at dilaw. Madaming malalaking naka-frame na poster ng mga cover ng mga pinakasikat na issue ng mga magazine na nilalathala ng kompanya. Magiliw na sinalubong ng receptionist si Cassandra. Pinaupo muna siya nito sa sofa, bago inangat ang telepono upang ipatawag ang magha-handle ng interview niya.

Nakamaong lang siya at isang simpleng puting baby tee at sandals. Sinabihan siya ng contact niya na si Janice na ang Pinnacle na ang bahala sa mga susuotin niya sa photoshoot. Basta't pumunta na lang siya doon, hanapin si Reina Sandoval para sa interview at sila na ang bahala.

Bumukas ang pintuan papasok sa inner offices ng kompanya at lumabas ang isang maganda at petit na babae. Tulad ni Cassandra, nakamaong din ito, simpleng striped na asul at gray na baby tee at *Converse* na puti. Nakatali ang kulot nitong buhok at

may dala itong purple na clipboard. Nilapitan siya nito at ngumiti. “Hello, you must be Cassandra,” magiliw nitong bati.

“Yes,” sagot niya. Tumayo si Cassandra at inabot ang kamay na inalok ng babae. For some reason, magaang kaagad ang loob niya rito. “Reina?”

“Actually, I’m Rebecca,” sabi ng babaeng kaharap. “Reina had an emergency and can’t come in today. I’ll do the interview. If you would follow me, we can go ahead.” Nakangiti itong pinagbuksan siya ng pinto papasok ng mga opisina.

Masaya at casual ang atmosphere sa loob. May mga nakahiwalay na offices na may mga salaming pinto pero sa gitna ng production floor ay mga cubicle na may tig-iisang computer at kung anu-anong makukulay na anik-anik ng mga okupante nito.

Nagtaas ng mga ulo ang mga empleyadong nagtatrabaho nang pumasok si Rebecca at Cassandra at biglang tumahimik ang mga masasayang nag-uusap. Napatitig silang lahat sa dalaga.

“I’m sorry. Mabilis ma-star-struck ang mga tao dito,” natatawang paliwanag ni Rebecca.

“I don’t mind,” sabi ni Cassandra habang sumilay ang mahiyaing ngiti sa mga nakatunganga sa kanya.

Hindi niya pansin na madami-daming mga lalaki ang na-in love na lang sa kanya sa ngiti na iyon. Siguro, isa iyon sa charm niya bilang modelo. Mahiyain man ang ngiti niya, ilagay mo iyon sa isang matangkad na babaeng may mukha ng isang senswal na anghel at katawan ng diyosa.

Iginaya siya ni Rebecca sa isang opisina bago isinara ang pinto. At dahil salamin ito, napansin ni Cassandra na madaming nagsisidaan at sumisilip sa loob ng opisina. Sanay man si Cassandra dito, isa iyon sa mga gusto niyang tumigil, ang pagsunod-sunod ng mga tao sa kanya. Gusto lang niya ng normal at tahimik na buhay. Pagkatapos ng interview at photoshoot na ito, gusto na lang niyang unti-unting mawala sa mata ng publiko.

“Can I get you anything? Coffee? Juice?” tanong ni Rebecca.

Umiling si Cassandra. “No, thank you.”

Naupo silang dalawa sa sofa. May hawak nang tape recorder ang babae. “When did you get back from Paris?”

“About two hours ago,” nakangiting sagot niya.

Napabaling bigla si Rebecca sa kanya. “What?!”

Tumawa siya. “Sorry nagulat kita. Gusto ko lang kasing matapos na totally ang modeling career ko bago ako magsimula ulit dito sa Pilipinas. Ayoko nang patagalin kaya I told Janice na if I’m going to do my last interview and photoshoot, I want it as soon as possible.”

“I’m sorry,” nag-blush ang babaeng kaharap bago tumawa. “Nagulat lang kasi ako. Baka pagod ka. Do you want to have some time before we get you to work again?”

Tumawang muli si Cassandra. “Hindi, okay lang. The sooner we have this done, the better.”

“Okay,” tango ni Rebecca. “We’ll do the interview quickly, then the photoshoot. Para makapagpahinga ka na.”

“I don’t really mind.”

Isinet-up ni Rebecca ang tape recorder bago muling tiningnan ang listahan ng mga katanungan sa hawak na clipboard. Nagsimula sa generic na katanungan ang babae. Saka na lang ito nag-fa-follow-up ng mga tanong kapag merong gustong linawin o meron siyang nabanggit na interesting. Mayamaya pa ay hindi na interview ang nangyayari kundi parang kwentuhan na ng dalawang matagal

nang magkaibigan. Matagal nang pinatay ni Rebecca ang tape recorder at nagkukwentuhan pa din silang dalawa at nagtatawanan. Nagkwento si Cassandra tungkol sa mga aberya na nangyayari sa isang fashion show, at si Rebecca naman ay nagkwento tungkol sa isang temperamental na photographer na inaway ng isang modelo.

“You said you’re married,” sabi ni Cassandra. “May anak na ba kayo?”

“Oo,” masayang sagot ni Rebecca. At tulad ng lahat ng proud mommy, nilabas nito ang cell phone niya at ipinakita ang larawan ng isang batang lalaki. Chinito ito at malaki ang ngiti.

“Ang gwapo!” tuwang-tuwang bati ni Cassandra. “Gwapo din siguro ang daddy niya.”

“Kamukhang-kamukha siya ng daddy niya.” Kinuha ni Rebecca ang telepono at akmang ipapakita ang larawan ng asawa nang may kumatok sa pintuan at nakita nito ang isa sa mga photographer nila na si Heidi. Sumesenyas ito sa suot na relos.

“Naku, late na pala!” mabilis na tumayo si Rebecca at minuwestrahan ang kaibigang pumasok. “Sorry, Cassandra. Hindi ko napansing ang tagal na pala kitang kinukulit.”

Tumawa lamang si Cassandra at tumayo. “I enjoyed myself,” pag-amin niya. “Will you be there sa photoshoot?” Tanong niya. Pakiramdam niya ay nakahanap siya ng bagong kaibigan.

“Yes,” tango ni Rebecca. “Eto nga pala si Heidi. She’s one of our photographers.” Nagkamay ang dalawa. “Let’s go. I’ll get you to makeup and wardrobe then we can go ahead with getting your picture taken.”

Matapos ang photoshoot kung saan daan-daang litrato niya yata ang nakuha, kasama na ang mga picture na kasama yata ang buong staff ng Pinnacle, si Rebecca na din ang naghatid kay Cassandra pababa ng building. Nasa elevator sila nang magtanong ang babae. “So, this is your last photoshoot?”

Nakasandal si Cassandra sa dingding ng elevator at naka-pikit. Pagod na pagod na siya pero magaan ang pakiramdam. Dumilat siya at ngumiti. “Yes, my last. Thank God!”

“So what are you planning to do now?” muling tanong ni Rebecca. “Off the record, of course.”

“Ngayon, uuwi ako, mag-bu-bubble bath, kakain ng light dinner at matutulog hanggang next week.”

Tumawa ang dalawa. “Seriously though, gusto kong magpahinga muna sandali, pero maghahanap ako ng trabaho. ’Yung seryosong trabaho.”

“Oo nga pala. Interior design, di ba?” Kanina kasi sa interview, nabanggit niya na nakatapos siya ng kursong design and management sa *Parsons Paris*, isang sikat na school for design sa France. “Know what? May contracting company ang pamilya ng husband ko. Kung gusto mo, subukan mong pumasok sa kanila. Parehong arkitekto ang asawa ko saka ’yung isa kong brother-in-law. ’Yung isa naman, civil engineer. Wala silang interior designer pero nababanggit ng father-in-law ko na minsan gusto na niyang kumuha para package deal na nga naman daw pag may kumontrata sa kanila.”

Bumukas na ang pintuan ng elevator at lumabas ang dalawa. “Talaga?” tanong ni Cassandra na parang nabuhayan. “Sige nga, try ko.”

“Sige, I’ll text you their office number.” Kinuha ni Rebecca ang cell phone mula sa bulsa, at dahil nagpalitan na sila ng mga numero kanina pa, pinadala na lang nito ang business card ng kompanya ng pamilya ng asawa.

Tumunog ang cell phone ni Cassandra. Muntik pa niya ito hindi tingnan dahil sa hindi sanay sa bagong

ringtone. Iba kasi ito sa telepono niya sa Paris. Buti nga at pinadala ng Tita Olga niya kay Manong Alfred ang isang bagong cell phone para may magamit nga naman siya.

Nang tinignan ni Cassandra ang business card na padala ni Rebecca, halos mabitawan niya ang telepono. “*Callanta and Sons*,” bulong niya. Nagtaas siya ng mukha at pinagmasdan si Rebecca. Ang lakas ng kaba niya. Sino sa mga Callanta ang asawa nito? Naalala niya ang itsura ng anak ng babae. Oh, my God! Pwede itong anak ni Noah!

“I knew a Callanta once,” mahina niyang sabi. Hindi siya makahinga. “Taga-Cavite ba ang family ng asawa mo?”

“Oo!” masayang sagot ng babae. “My father-in-law is Noel Callanta.”

Ohmygodohmygodohmygod, hingal ni Cassandra. “Sila nga,” muli niyang pagpipilit na lumabas ang mga kataga galing sa kanyang bibig. “Which one is your husband?” Mamamatay siya kapag sinabi nitong ang pinakamamahal niyang si Noah ang asawa nito at ang ama ng gwapong bata sa larawan.

“I’m married to the youngest, si Nicko. Ang galing! It’s such a small world!”

Nanghina ang tuhod ni Cassandra at napakapit siya kay Rebecca.

“Cassandra, are you alright?” biglang pag-alala ng kasama. “My God, you’re so pale!”

Dinala siya nito sa isa sa mga sofa sa lobby ng building. Naupo silang dalawa at pinaypayan siya ng natatarantang si Rebecca. Nakatulala si Cassandra pero isa lang ang nasa isip niya. *Hindi si Noah. Hindi si Noah. Hindi si Noah.* Muli siyang nakahinga nang maluwag pero hindi niya alam kung iiyak ba siya o tatawa. Binalingan niya ang katabi. “Rebecca, can you get out of the office for a while? I mean, for lunch or something?”

“Oo, pero are you sure you want to go? You must be exhausted.”

“I just need someone to talk to, and you’re perfect,” mahinang sabi ng dalaga.

Mataman siyang pinagmasdan ni Rebecca bago ito marahang tumango.

3

Dahil hindi pamilyar sa mga bagong restaurant sa Makati, si Rebecca na lang ang nagsabi sa driver kung saan niya gustong kumain. Nag-aya na lang ang babae sa Greenbelt kung saan sa tingin nito ay magugustuhan ni Cassandra. Classy at medyo high-end ang mga kainan dito at sa alam nito ay ito ang mga natitipuhan ng dalaga.

Tahimik silang magkatabi sa likod ng kotse. Nakatingin siya sa labas ng bintana habang iniisip naman ng katabi ang posibleng dahilan kung bakit ganoon na lang ang reaksyon ng dalaga nang malaman ang apelyido ng asawa nito.

Hindi kaya ex ito ni Nicko? Alam ni Rebecca halos magkakasing-edad lang sila. Hindi malayong naging girlfriend ito ng asawa.

Gustong magselos ni Rebecca pero pinigil nito ang sarili. Hindi pa nito alam ang kwento ni Cassandra at hindi ito ang tipo ng tao na nanghuhusga.

Nang makarating sa Greenbelt, sinundan ni Rebecca palabas ng kotse si Cassandra pero ito ang sinundan niya papunta sa isang restaurant. Tahimik

silang naupo at hinayaan niyang ang kasama ang umorder ng makakain nila. Nang makaalis ang serbidor, hinarap siya ng babae. “Do you want to tell me what this is all about?”

Nag-angat ng mukha si Cassandra. “Asawa ka ni Nicko?” mahina niyang tanong.

Tumango si Rebecca. “Ex ka ba niya?” mahina rin itong nagsalita.

Kahit pa parang tuliro, nakuha pa ding tumawa ni Cassandra. “Hindi,” mabilis niyang sagot. “Batchmate ko si Nicko n’ung elementary at high school, pero hindi naging kami.”

Nag-relax si Rebecca, hinintay na magkwento ang bagong kaibigan.

Dumating ang serbidor na may dalang tig-isang *Coke Light* in can. Ibinaba nito ang mga inumin nila at ang mga baso bago muling lumayo. Binuksan ni Cassandra ang *Coke* at nagsalin sa baso bago uminom, saka muling hinarap si Rebecca. “Mag-kababata kami nina Nicko, Nathan at... Noah.” Kung nahalata ni Rebecca na nagbago ang tinig niya nang banggitin ang pangalan ng huli, hindi ito nagpahalata. “Well, sa totoo lang, hindi kami masyadong naging close. Strict ang daddy ko at hindi niya ko pinapayagang

makipagkaibigan sa mga lalaki. Lalo na sa mga Callanta. Isang bahay lang ang pagitan ng mga bahay namin. Pag nagpupunta kami sa park ng yaya ko, nakikita namin sila. Naaalala ko pa na naiinggit ako sa kanila kasi pag nand'un sila, kasama nila lagi ang mommy at daddy nila. Ako, lagi kong kasama ang yaya ko.”

Hindi tumitingin si Cassandra kay Rebecca. Nahihiya siya. Ngayon lang niya ito nakilala pero kinukwentuhan na niya ito ng life story niya. At hindi lang ang life story niya na nasa mga press kit o ang naka-post sa website niya. Totoong buhay niya ang kinukwento niya.

Tahimik namang nakikinig si Rebecca. Kahit paano, curious din naman ang babae sa kung ano ang koneksyon ng magandang modelo sa pamilya nito.

Dala-dala ni Cassandra ang bagong manyikang bigay ng kanyang ama. Inabot lamang nito sa kanya ang laruan, hinalikan siya nito sa noo at saka muling tumalikod pasakay sa kotse. Hindi alam ni Cassandra kung saan pupunta ang daddy niya. Ang alam lang niya, kanina lang niya ito muling nakita. Sabi ni Yaya Pepang, galing daw ito sa Hung Kung. Hindi alam ni Cassandra kung nasaan ang Hung Kung.

“Yaya,” bulong niya habang hinihila ang palda ng naka-unipormeng yaya na siya nang kinikilala niyang ina. “Where is daddy going?”

“He is go to the States,” sabi ni Yaya Pepang bago nito hinawakan ang kamay ni Cassandra. “Let’s go. We go to the park. You want to go to the park, Cassandra?”

Nagningning ang mga mata ng bata. Tuwing wala ang mommy at daddy ni Cassandra, dinadala siya ni Yaya Pepang sa kung saan-saan, sa park, sa department store, sa simbahan, sa zoo. Kailangan lang ay maging good girl siya kapag kasama ito.

Naaawa kasi ang yaya sa kanya. Halos hindi pansinin ng negosyanteng ama at sugarol na ina ang bata. Kung hindi pa dahil kay Pepang ay hindi pa makakalabas ng malungkot na mansion ang paslit. Bago tuluyang isara ng isa pang helper ang gate, lumabas na si Yaya Pepang at si Cassandra. Sinabihan lang nito ang helper na babalik sila bago magdilim.

Masayang naglakad si Cassandra, yakap-yakap ang manyika sa isang payat na braso habang mahigpit naman ang pagkakahawak sa kamay ng yaya.

Nang makarating sila sa park, may mangilang- ngilan ding mga bata ang nandoon. Merong katulad niya na kasama ang kanilang yaya, at meron din

namang kasama ang kanilang mga magulang. Nakita ni Cassandra na walang mga batang nakasakay sa swing kaya't mabilis niyang hinila ang kamay mula sa pagkakahawak sa yaya at patakpong nilapitan iyon. Dahil siguro sa sobrang excitement, hindi niya nakita ang nakausling ugat ng puno at siya ay natisod. Lumipad ang manyikang hawak niya. Mabilis siyang pumikit para hindi makita ang babagsakang lupa at itinaas ang mga kamay para saluhin ang sarili. Naramdaman niyang bumagsak siya pero hindi niya naramdaman ang lupa.

Nagsisisigaw si Yaya Pepang pero hindi niya iyon pinansin. Isang tinig lang ang narinig niya at iyon ay nagtanong ng "Are you okay?"

Dumilat siya at nakatingin siya sa isang batang lalaki na nakahiga sa damuhan at nakayakap sa kanya. Doon niya naisip na sinalo siya nito. Dahan-dahang tumango si Cassandra saka niya naramdaman ang paghatak sa kanya ni Yaya Pepang.

"Cassandra, okay ka lang? Nasaktan ka ba? May sugat ka?" nag-aalala nitong tanong habang pinapagpag ang nadumihan niyang suot na jumper.

Umiling siya pero doon pa din sa batang lalaki nakatingin. Chinito ito, may kapayatan. Nakasuot ng t-shirt at shorts, at hindi nakatali ang sintas ng

kaliwang paa ng suot nitong hi-tops na rubber shoes. May Band-Aid ito sa tuhod. Nakaupo na ito pero nakatingin pa din sa kanya.

“Noah, ano’ng nangyari?” tanong ng isang babaeng lumapit dito habang kasunod ang isang lalaki na may kargang isa pang batang lalaki din.

“Nabangga niya ’ko, Mommy,” pagpapaliwanag ng batang nakilala niya bilang Noah.

“Naku!” sabi ni Yaya Pepang habang matama pa ding sinusuri ang mga binti at hita niya kung meron mang galos. “Say sorry, Cassandra. Sabi ko naman sa ’yo di ba? Dapat good girl?”

“S-s-sorry,” nahihiya at natatakot na sagot ni Cassandra. Nagpipigil na siya ng luha.

Umiling ang batang lalaki. “Hindi po,” sabi nito bilang pagtatanggol sa kanya. “Muntik po kasi siyang madapa, pero hindi po niya sinasadya.”

“Nasaktan ka ba?” marahan siyang tinanong ng babaeng nakahawak sa balikat ng batang nabangga niya.

Mabilis na umiling si Cassandra. Binalingan siya ng lalaki at nakangiti ito nang bahagya sa kanya. “I’m Noah.”

Binigyan niya ito ng mahiyaing ngiti. "I'm Cassandra."

At sigurado siya, doon siya na-in love kay Noah Callanta.

"After that, lagi na kaming nagkikita sa park. Sabihin mo nang first crush ko si Noah. Si Nicko ang kaedad ko at siya din ang classmate ko pero hindi kami naging close talaga. N'ung high school, naging groupmates kami ni Nicko. Project sa World History. Fourth year na kami ni Nicko n'un. May meeting kami sa bahay nila. Sa Manila na nag-aaral si Noah. College na siya n'un eh. Umuuwi siya for the weekend. Nagkar'on kami ng chance na mag-usap. Naging phone calls 'yun, naging letters, naging magkikita na kami sa weekend."

Hinayaan lang ni Rebecca na magkwento si Cassandra. She actually found it fascinating na ang pinakamamahal niyang brother-in-law na niloloko nilang tatandang binata ay meron naman palang niligawan.

Napansin ni Rebecca ang pamamasa ng mga mata ni Cassandra at alam niyang hindi maganda ang susunod nitong sasabihin.

“Naging kami after a while,” patuloy nito. “First boyfriend ko siya. Sobrang excited ako. Alam mo naman siguro pag first boyfriend.” Pilit itong ngumiti. “Pinakilala ko siya sa daddy ko. Sobrang nagalit si Daddy. Binastos niya si Noah n’un.” Nanginginig ang kamay na kinuha ni Cassandra ang baso ng *Coke* at uminom.

“Nakipag-break ka ba kay Noah?” mahinang tanong ni Rebecca.

Umiling ang babae. “Nag-usap kami. Ayaw niyang mag-away kami ng daddy ko pero mahal namin ang isa’t isa eh. Tinago naming ’yung relationship namin. Hanggang sa malaman nga ni Daddy ulit. Sinabi sa kanya ng best friend ko na in love din pala kay Noah.” Mapait na tumawa si Cassandra. “Ayun. To make a long story short, sinabi niyang hindi niya ’ko susuportahan financially kung hindi ako magkipag-break kay Noah.”

Sa sinabing iyon ni Cassandra, naningkit ng bahagya ang mga mata ni Rebecca. Kaya ba ito nakipag-break kay Noah? Dahil sa pera?

“Nag-away kami ni Daddy. Sabi ko na kaya kong mabuhay ng wala siya at wala ang pera niya. Melodramatic pero bata pa ako noon. Alam ko, basta kasama ko si Noah, kaya kong mabuhay. Kinabukasan,

pinadala niya 'ko sa France kasama ang mommy ko at sinabing kung makikipagkita o makikipag-usap pa ko ulit kay Noah, pati mommy ko madadamay.” Nagkibit-balikat si Cassandra na tila ba hindi na mahalaga ang nakaraan dito. “Kung ako lang, alam ko, kaya ko ang mag-isa. Pero ang mommy ko...” Umiling ito. “So ayun. Naghanap ako ng trabaho para makaipon para makauwi ako ng Manila, para makabalik ako kay Noah. Nalaman ko na lang na naging si Noah na pala saka 'yung ex-best friend ko.” Inangat nito ang mukha at pinagmasdan si Rebecca, tumutulo ang luha sa mga pisngi. “I’m sorry,” pilit na natatawa nitong sabi. “Kanina lang kita nakilala, ginawa na kitang psychologist.”

Hindi naman napigilan ni Rebecca ang sarili. Ginagap niya ang kamay ng kasama at nginitian ito. “Naiintindihan ko naman kung bakit. Saka I’m flattered na kumportable ka kaagad sa 'kin para sabihan ako. Siguro kasi connected ako kay Noah.”

Nagpahid ng luha si Cassandra sa isang panyo na hinila nito mula sa bulsa ng dalang handbag. Naisip ni Rebecca na kung siya ang umiyak ng ganoon, nakakahiya ang itsura niya.

Ang ganda-ganda kasi ni Cassandra. Hindi nakakasawang tignan ang maamo nitong mukha.

Hindi na din niya kailangan mag-isip kung paano na-in love dito si Noah. Maganda, classy, at halata namang mabait ito. Iyon din, laking pasasalamat na lang niya at hindi si Nicko ang na-in love dito.

“So, ano na’ng balak mong gawin niyan?”

Muling nagkibit ang babae. “Hindi ko alam. Gusto ko lang ituloy sana ’yung buhay na iniwan ko dito n’ung teenager pa ako. Pero alam naman natin na hindi na pwede ’yun eh.”

“Mahal mo pa ba si Noah?”

Hindi na kailangang sagutin ni Cassandra ang tanong. Nakita na ni Rebecca ang sagot nito nang tumingin ito sa kanya. Ngumiti siya at tinapik ang kamay ng kausap. “Don’t worry,” sabi niya. “We’ll work it out.”

“We?” nagtatakang tanong ni Cassandra.

Tumango si Rebecca. “We. Ikaw, ako at ’yung isa ko pang sister-in-law, si Bethany.”

May plano na si Rebecca. Mahal pa ni Cassandra si Noah. At dahil ang alam niya ay walang naging girlfriend ang akala nilang torpe na si Noah, sigurado din niya na mahal pa din nito si Cassandra.

Kung meron mang masasabi ang ibang tao

Crescent Heart - Elise Estrella

tungkol kay Rebecca, ito ay ang inaalagaan niya ang mga mahal niya sa buhay. Mahal niya si Noah. At gagawin niya ang lahat para lumigaya na tulad nilang mag-asawa ang bayaw.

It was time to matchmake.